

## **Mahalagang Impormasyon tungkol sa COVID-19**

Tulutulong ang **Department of Social and Health Services** sa pag-iwas at pamamahala ng COVID-19. Labis naming pinangangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga kustomer. Sumusunod kami sa *Stay Home, Stay Healthy* na utos at plano sa pagbangon ni Gobernador Inslee.

Mayroon kaming mga libreng serbisyo sa wika. Kabilang sa mga serbisyong ito ang mga interpreter at pagsasalin, at nakasulat na impormasyon sa iba pang format. Kung kailangan mo ng tulong para ma-access ang aming mga serbisyo, tumawag sa DSHS sa **800-737-0617** at piliin ang opsyon 4. Puwede ka ring tumawag sa **711** para sa Washington Relay Service.

Paano naapektuhan ng COVID-19 ang mga programa at serbisyo ng DSHS?

### **Pagtanda at Pangmatagalang Suporta**

Labi na nakakapinsala ang COVID-19 sa mga residente ng mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga. Noong Mayo 12, hindi pinapayagan ang mga bisita sa mga tahanan sa pangangalaga, pasilidad sa sinusuportahang pamumuhay at mga pampamilyahang tahanan para sa mga nasa hustong gulang. Maaaring magbago ang mga panuntunang ito habang may pandemiko.

Puwede mong tingnan ang mga panuntunan sa bisita para sa mga pasilidad sa pangangalaga sa pamamagitan ng pagbisita sa [FamHelp](#) web page. Nakalista rin sa web page na ito ang mga pasilidad sa pangangalaga na may mga iniulat na kaso ng COVID-19. Kung mayroon kang katanungan tungkol sa mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa 888-856-5691. Bukas kami mula 6 a.m. hanggang 10 p.m.

Nagbibigay ng serbisyo ang Office of the Deaf and Hard of Hearing sa mga kliyenteng bingi, bingi at bulag o nahihirapang makarinig. Nakikipagtulungan din sila sa mga tagapagbigay ng serbisyo. Kung mayroon kang kliyente na nawalan ng pandinig na nangangailangan ng suporta sa pakikipagkomunikasyon, makipag-ugnayan sa opisina.

- Email: [ODHHCovid-19@dshs.wa.gov](mailto:ODHHCovid-19@dshs.wa.gov)
- Telepono: 360-338-6042
- Para sa TTY/TDD: 360-725-3455
- Kung walang access sa TTY/TDD ang mga voice caller, i-dial ang 711
- [Website ng ODHH](#)

### **Behavioral Health Administration**

Nagbibigay ng serbisyo ang Behavioral Health Administration sa mga nasa hustong gulang at mga bata sa tatlong pampublikong psychiatric na ospital, sa Special Commitment Center at sa Office of Forensic Mental Health Services.

Pinahinto namin ang mga pagbisita sa mga lokasyong ito para iwasan ang pagkalat ng COVID-19. Mayroon kaming remote na serbisyo ng video para sa mga kliyente kung naaangkop. Para magtanong tungkol sa patakaran sa bisita o para sa iba pang tanong, tumawag sa:

- Western State Hospital – **253-582-8900**
- Eastern State Hospital – **509-565-4000**
- Child Study and Treatment Center – **800-283-8639**
- Office of Forensic Mental Health Services
  - Maple Lane – **360-664-4641**

- Yakima – **253-582-8900**
- Fort Steilacoom – **253-984-5651**
- Special Commitment Center – **253-588-5281, ext. 0095**

### **Division of Vocational Rehabilitation**

Isinara namin ang Division of Vocational Rehabilitation offices sa ngayon.

- Magbibigay ng mga serbisyo at suporta ang mga Tagapayo sa pamamagitan ng telepono.
- Mga numero ng telepono para sa mga update ng serbisyo: **800-637-5627**

### **Developmental Disabilities Administration**

Sarado sa ngayon ang mga lobby ng opisina. Hindi pinapayagan ang mga bisita sa Fircrest School, Lakeland Village, Rainier School at Yakima Valley School are not allowing visitors sa ngayon. Tawagan ang mga numero sa ibaba kung mayroon kang katanungan.

- Maaari kaming remote na maghatid ng mga serbisyo nang may paunang pagpapahintulot mula sa tagapamahala ng kaso ng DDA.
- Puwedeng remote na gawin ang mga pagsusuri at puwedeng pahabain ang timeline para makumpleto ang mga pagsusuri depende sa kaso.
- Para sa mga serbisyo sa mga county ng Island, King, San Juan, Skagit, Snohomish at Whatcom, tumawag sa: 800-314-3296.
- Para sa mga serbisyo sa mga county ng Clallam, Clark, Cowlitz, Grays Harbor, Jefferson, Kitsap, Lewis, Mason, Pacific, Pierce, Skamania, Thurston o Wahkiakum, tumawag sa: 800-248-0949
- Para sa mga serbisyo sa lahat ng iba pang county ng estado, tumawag sa: 800-462-0624

### **Economic Services Administration**

**SUPORTA SA BATA:** Sarado ang mga lobby ng Division of Child Support sa ngayon. Para makuha ang impormasyon ng kaso o magbayad, tumawag sa **800-442-KIDS (5437)**. Maaaring tumawag ang mga employer na kailangang mag-ulat ng mga pagtatanggal ng empleyado o pagsasara sa **800-562-0479**.

**MGA OPISINA NG MGA SERBISYO SA KOMUNIDAD:** Available ang mga limitadong serbisyo **kung may appointment lang**.

**Maaari kang:**

- Kumuha ng EBT card kung mayroong kang pangkalahatang serbisyo sa paghahatod ng sulat o isa kang pinabilis na tagatanggap ng pagkain.
- Kumuha ng mga pang-emergency na suportang serbisyo.
- Mag-iwan ng mga papeles.

**SENTRO NG PAKIKIPAG-UGNAYAN NG SERBISYO SA KUSTOMER:** Mag-access ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagtawag sa **877-501-2233**. Puwede kang:

- Mag-apply para sa mga benepisyo.
- Kumuha ang impormasyon ng kaso o mag-ulat ng mga pagbabago.
- Kumpletuhin ang review para sa pagiging kwalipikado o mid-certification.
- Humiling ng bagong EBT card.
- Makipag-ugnayan sa isang kaso ng WorkFirst o social worker.

**WASHINGTON CONNECTION:** Maaaring i-access ng mga tao ang mga online na serbisyo sa wikang Ingles at wikang Espanyol. Pumunta sa [WashingtonConnection.org](http://WashingtonConnection.org) para mag-apply para sa mga benepiso, magkumpleto ng mga review, mag-ulat ng mga pagbabago at makahanap ng iba pang lokal na serbisyo.

**AGED, BLIND OR DISABLED/HOUSING AND ESSENTIAL NEEDS REFERRAL PROGRAMS:** Ipinagpaliban namin ang mga review para sa ABD disability sa ngayon. Pinalitan din namin ang mga patakaran sa HEN referral at itinigil ang ilang kinakailangang pagbabantay. Tumawag sa **877-501-2233** para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kaso ng HEN at ABD.

**PANGUNAHING PAGKAIN:** Nagdagdag ang DSHS ng mga benepisyo sa pagkain para sa pinakamalaking dami na pinapayagan kada laki ng sambahayan para sa Marso hanggang Mayo 2020. Hihingi ang DSHS sa pederal na gobyerno ng pang-emergency na suplementong pagkain kada buwan na may COVID-19.

- *Trabaho at Pagsasanay para sa Pangunahing Pagkain:* Available ang lahat ng programa at serbisyo ng BFET. Nagbibigay ng mga serbisyo ang mga ka-partner ng BFET sa pamamagitan ng telepono at online.
- *Abled-Bodied Adults without Dependents:* Hindi na kailangan sa ngayon ang mga kinakailangan sa trabaho para sa mga ABAWS. Patuloy na nagre-refer ang DSHS ng mga tao na handa at may kakayahang makilahok.

**MGA REVIEW NG MGA BENEPISYO:** Pinahaba ng DSHS nang anim na buwan ang mga review sa pagiging kwalipikado na dapat matapos sa Abril, Mayo o Hunyo 2020. Hindi kailangang makumpleto ang mga review ng mid-certification na dapat matapos sa Abril, Mayo o Hunyo 2020. Magpapatuloy ang mga benepisyo hanggang nakatutugon ang iyong sambahayan sa lahat ng iba pang kinakailangan para sa pagiging kwalipikado.

**DISASTER CASH ASSISTANCE PROGRAM:** Available ang DCAP sa mga pamilya at indibiduwal na walang anak. Hindi mo kailangang maging isang mamamayan. Kwalipikaso ang mga tao kung nakatutugon sila sa mga limitasyon ng kita at mapagkukunan, at hindi kwalipikado sa iba pang programa sa pera. Tumawag sa **877-501-2233** para matuto pa.

**OFFICE OF REFUGEE AND IMMIGRANT ASSISTANCE:** May mga programa ang ORIA para tulungan ang mga refugee at immigrant sa:

- Paghahanap ng at pagsasanay sa trabaho.
- Suporta sa immigration.
- Pagtuturo sa kabataan.
- Suporta para sa mga nakatatandang refugee, bata, mag-aaral, at iba pa.
- Remote na bukas ang mga regular na programa sa habang may COVID-19. May mga bagong serbisyo ang opisina para tulungan kang mag-apply ng mga trabaho o sa kawalan ng trabaho, suporta sa edukasyon, at magbigay ng tulong sa pabahay. Pinahaba hanggang Setyembre 30, 2020 ang pagiging kwalipikado sa Refugee Cash Assistance and Refugee Medical Assistance.
- Para sa mga serbisyo at higit pang impormasyon, tumawag sa **360-890-0691**.

**TEMPORARY ASSISTANCE FOR NEEDY FAMILIES/WORKFIRST:** Kabilang na ngayon sa 60-buwan na Pagpapahaba ng Limitasyon ng Oras ng TANF ang paghihirap dahil sa COVID-19.

- Itinigil sa ngayon ang mga kinakailangan sa WorkFirst. Patuloy na makalahok ang mga kliyente kung kaya nila.
- Itinigil namin ang mga parusa ng WorkFirst sa ngayon. Itinigil din namin ang mga pagbisita sa bahay ng mga kawani.
- Kung isa kang kalahok sa Community Jobs o sa work-study ng WorkFirst, mananatili kang may trabaho at mababayaran kahit pa hindi ka lumahok dahil sa COVID-19.